

**OPISYAL NA PAHAYAG**

Hunyo 12, 2020

Pakikipag-ugnay: Kelly Colopy, 562.570.4016, [Kelly.Colopy@longbeach.gov](mailto:Kelly.Colopy@longbeach.gov), Director, Department of Health and Human Services

Para sa Agarang Pahayag

## **Ang Long Beach ay Nakakakita ng Taon-Taon na Pagtaas sa Populasyon ng mga Nakakaranas ng Kawalan ng Tirahan**

*Ang Lungsod ay nagpapalawak ng mga pagsisikap at pondo upang makabuo ng kapasidad at serbisyo*

Long Beach, CA - Ang mga natuklasan ng 2020 Point-in-Time na Bilang ng mga Walang Tirahan(Bilang) ay nagpapakita na ang Long Beach ay nakakilala ng 2,034 na taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan noong Enero 2020, kumpara sa 1,894 katao noong 2019. Habang ang bilang na ito ay nagpapahiwatig ng pagtaas ng 7% mula noong nakaraang taon, ang populasyon ng mga walang tirahan sa Lungsod ay nananatiling mas mababa ng 29% sa bilang noong 2013.

Sa kabila ng pagtaas ng pangkalahatang populasyon ng mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan, mayroong 42% na pagbawas sa mga beterano na nakakaranas ng kawalan ng tirahan, na nagpapahiwatig ng magkasamang koordinasyon sa pagitan ng Lungsod ng Long Beach, ang Kagawaran ng Mga Beterano ng Estados Unidos, at iba pang mga ahensya na nakikipagtulungan upang makahanap ng permanenteng pabahay para sa mga beterano.

“Ang kawalan ng tirahan ay isang krisis pantao bago ang COVID-19 at nananatili ito ngayon,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Ngayon, higit na kailangan na makipagtulungan sa ating lokal at rehiyonal na kasosyo upang magpatuloy sa paghahanap ng mga paraan upang magbigay ng permanenteng solusyon sa pabahay para sa mga nangangailangan.”

Ang Lungsod ay patuloy na nagtatrabaho nang maigi upang malutas ang mga isyu ng kawalan ng tirahan. Ang Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ng Long Beach(Kagawaran ng Kalusugan) ay gumagamit ng iba’t ibang diskarte sa pagpapalawak ng kapasidad at pagpapahusay ng paghahatid ng serbisyo sa mga nangangailangan, kasama ang maraming iba pang mga kagawaran ng Lungsod, kabilang ang mga Pulisya at Kagawaran ng Apoy, Public Works, Mga Serbisyo sa Pag-unlad, ang Aklatan at Parke, Libangan at Marine, at Opisina ng Abogado ng Lungsod upang magpatuloy sa pagpapalawak ng kapasidad at pagpapahusay ng paghatid ng serbisyo sa mga nangangailangan. Bilang karagdagan, ang Long Beach ay isa lamang sa tatlong lungsod sa County ng Los Angeles na nagpapatakbo ng sarili nitong [Pagpapatuloy ng](#)

[Pangangalaga](#), isang lokal na katawan na nagpapalano at pinondohan ng Kagawaran ng Pabahay at Urban Development ng Estados Unidos na nagkokoordina ng pabahay at serbisyo para sa mga indibidwal at pamilya na nakakaranas ng kawalan ng tirahan.

Ang [Multi-Service na Sentro](#) ng Lungsod ay nagsisilbing sentro ng pagserbisyo sa mga nasa peligro na makaranas o nakakaranas ng kawalan ng tirahan. Ang pasilidad ay nagseserbisyo ng halos 13,000 mga kliyente na bumibisita bawat taon. Bilang karagdagan, ang Kagawarang ng Pulisya ng Long Beach ay tumutulong sa mga indibidwal na kumonekta sa mga serbisyo sa pamamagitan ng espesyal na opisyal na sinanay sa Kalidad ng Buhay Yunit na ito, at noong 2016, ang Homeless Education at Response Team (HEART) ng Kagawaran ng Apoy ng Long Beach ay itinatag upang magbigay ng serbisyong pang-emerhensiyang medikal para sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan.

Noong Enero 2019, inihayag ng Lungsod ang mga plano para sa isang [bagong kampus na tatlong-ektarya](#) sa North Long Beach, kasama ang isang linggong tirahan na may 125 kama at mga serbisyong pangsuporta. Inaasahan ang proyekto na makumpleto ngayong tag-init. Ang Lungsod ay nananatiling nakatuon sa pagbuo ng maraming permanente, abot-kayang mga proyekto sa pabahay na nakatuon sa paglilingkod sa mga residente na may mababang kita at mga samabahayang nasa peligro na mawalan ng tirahan, kabilang ang The Spark sa Midtown ( 1900 Long Beach Blvd.), na nagtatampok ng 95 abot-kayang mga yunit na pabahay; Vistas del Pueblo (1836-1852 Locust Ave.), na nagtatampok ng 48 abot-kayang mga yunit na pabahay; at Bloom sa Magnolia (1770 Magnolia Ave.), na nagtatampok ng 40 abot-kayang mga yunit na pabahay.

Sa buong COVID-19 pandemya, ang Lungsod ay [nagpatakbo](#) ng apat ng pansamantalang tirahan na nag-aalok ng iba't-ibang mga pangangailangan at serbisyo, kabilang ang mga pagsusuri at mapagkukunan sa medikal at mental na kalusugan, at transportasyon para sa mga mahahalagang gawain tulad ng mga appointment sa medisina, parmasya, at labahan. Mayroong halos 250 na panauhin na kasalukuyang nakatira sa mga silungan ng Lungsod, na nagbibigay ng ligtas na lugar para sa mga nangangailangan sa hindi inaasahang panahon ng pampublikong krisis sa kalusugan. Naglunsad din ang Lungsod ng maraming mga bagong hakbang upang maprotektahan ang mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan mula sa COVID-19, kabilang ang pag-install ng mga dispenser ng sabon, mga istasyon ng paghugas ng kamay o sanitasyon ng kamay sa mga madiskarteng lokasyon sa buong lungsod, pagbibigay ng mga gamit pang sanitasyon, ang pagsasagawa ng outreach sa komunidad.

Upang higit pang talakayin ang isyu ng kawalan ng tirahan, ang Lungsod ay nagsagawa ng negosasyon ng isang paglaan ng Measure H na pondo upang suportahan ang pag-iwas at mabilis na pagsisikap sa pabahay sa mga may sapat na gulang, pati na rin ang pagpopondo ng suporta para sa Coordinated Entry System at Outreach Response. Sinusuportahan din ng Housing Authority ang mga pagsisikap na ito na may direktang paglalaan ng humigit-kumulang na \$865,000 para sa Homeless Incentive na Programa, na pinondohan din sa pamamagitan ng Measure H. Bilang karagdagan, ang Housing Choice Voucher na Programa ay nagbibigay ng halos sa \$1.3 milyon sa U.S. Department of Housing and Urban Development na pondo sa pamamagitan ng nakabukod na mga voucher na magpapabahay sa 105 sambahayan na nakakaranas ng kawalan ng tirahan

taon-taon. Ang suportang pagpopondo na ito ay naging kritikal sa pagsuporta sa mga lokal na pagsisikap upang mabawasan ang pagpasok sa sistema ng serbisyo para sa walang tirahan, at pag-ikli ng haba ng kawalan ng tirahan para sa mga wala nang bahay.

Kumpara noong 2019, nalaman sa 2020 na Bilang na isang 27% pagbawas sa nakapabahay na populasyon, at isang pagtaas sa mga walang pabahay na populasyon ng 24%. Ang pagbawas na ito ay hinimok ng limitadong pagkakaroon ng pondo sa pabahay na sumusuporta sa mga motel voucher para sa mga sambahayang nakakaranas ng kawalang ng tirahan. Ngayong taon, 532 katao ay tumanggi na magpa-sarbey kumpara sa 395 noong nakaraang taon, isang 29.6% na pagkakaiba.

Ang Bilang ng 2020 ay isinagawa noong Enero 23, sa tulong ng halos 200 na mga boluntaryo na pinangungunahan ng mga beteranong gabay. Kinakailangan ang mga boluntaryo na dumalo sa isang oryentasyon na nagbibigay ng pagsasanay para sa isang sarbey ng papel at ang aplikasyon sa elektronikong bilang. Ang pilot mobile na aplikasyon na ito ay kumolekta ng mga sagot sa sarbey at real-time map tracking ng mga na-deploy na grupo at geo-lokasyon ng mga lokasyon ng sarbey. Sa pagsasagawa, natagpuan ng Lungsod ang app na naka-streamline sa proseso ng pagbilang at ang data na nakolekta ay magbibigay impormasyon sa mga pagsisikap sa outreach.

Para sa impormasyon tungkol sa mga operasyon ng tirahan, tumawag sa (562) 570-9328. Dagdagan ang kaalaman tungkol sa mga [serbisyo para sa mga walang tahanan](#) ng Lungsod.

### **Tungkol sa Lungsod ng Long Beach**

Tahanan ng humigit-kumulang na 470,000 katao, ang maramihang award-winning at makabagong Lungsod ng Long Beach ay nag-aalok ng lahat ng mga world-class na amenidad ng isang malaking metropolitan na lungsod habang nagpapanatili ng isang pakiramdam ng indibidwal at magkakaibang kapitbahayan na magkakasama sa baybayin ng California. Bilang isang buong-serbisyong charter na lungsod, ang Long Beach ay tahanan ng Queen Mary, Aquarium of the Pacific, maraming mga museo at sinehan, isang mataas na rating na school distrito, Long Beach Airport, ang Port of Long Beach, pati na rin ang mga award-winning na kagawaran ng Lungsod kabilang ang Kalusugan, Parke, Recreation at Marine, Development Services at iba pa. Ang Lungsod ay mayroon ding iginagalang na unibersidad at kolehiyo ng lungsod, dalawang makasaysayang rancho, limang ospital, limang golf course, 171 parke, milya ng mga beach, mga marina, landas ng bisikleta, at isang Bike Share na programa.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Lungsod ng Long Beach, bumisita sa <http://longbeach.gov/>. Sundan kami sa social media upang malaman ang pinakabagong balita: [Facebook](#), [Twitter](#), [Instagram](#), at [YouTube](#).

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang kanilang mga residente, bumisita sa: [longbeach.gov/COVID19](http://longbeach.gov/COVID19) at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###